**Konseho sa Pakikipag-ugnayan sa Pagitan ng mga Ahensya (ICC, Interagency Coordinating Council) sa Maagang Interbensyon**

# MADALI ANG MAGBIGAY NG PAMPUBLIKONG KOMENTO SA ISANG PAGPUPULONG SA ICC!

## Mahalaga ang inyong mga pananaw at karanasan at makakatulong sa aming gumawa ng mas higit pang may kabatirang desisyon.

### MAAARING ISULAT O SABIHIN ANG MGA KOMENTO

Inilalathala ang lahat ng komento bilang bahagi ng pampublikong rekord at ibinibigay sa mga miyembro ng ICC.

### ANG BAWAT INDIBIDWAL AY MAY 2 MINUTO PARA MAGKOMENTO

Nais naming matiyak na may panahon para makarinig mula sa lahat! Mas mahabang mga komento? Isumite ang mga ito sa paraang nakasulat upang matiyak na ibinabahagi ang buong mensahe ninyo.

### PAGKOMENTO SA NGALAN NG IBA

Inaanyayahan ang isang indibidwal na ibahagi ang saloobing mula sa iba, mangyaring isaisip lamang ang oras, ibuod ang mga pangunahing punto at isumite ang anumang mga nakasulat na pahayag.

### KUNG GUSTO NINYONG MAGSALITA - MAG-SIGN IN

Ang pag-sign in ay nagpapahintulot sa aming tawagan kayo kapag oras na para sa pampublikong komento.

### MANGYARING MAGING TIYAK

Isang malinaw na pahayag – kabilang ang mga partikular na suhestiyon sa pagtugon sa anumang mga pag-aalalang maaaring mayroon kayo – ay pinakamakakatulong.

### GUSTONG MAGBAHAGI NG POWERPOINT O MGA VIDEO BILANG BAHAGI NG INYONG PAMPUBLIKONG KOMENTO?

Mag-email sa EarlyStart@dds.ca.gov ng hindi bababa sa 14 na araw nang maaga para sa anumang mga pangangailangan sa audio/visual.

**Misyon ng ICC:** itaguyod at pahusayin ang sistema ng pag-uugnay ng serbisyo sa pamilya para sa mga sanggol at paslit na nasa edad mula pagkapanganak hanggang tatlong taong gulang na mayroon, o nanganganib na magkaroon ng pagkaantala sa paglaki o kapansanan, at kanilang mga pamilya, sa pamamagitan ng paggamit at paghihikayat ng pamamaraang nakasentro sa pamilya, mga samahan sa pagitan ng mga pamilya at propesyonal, at kolaborasyon sa pagitan ng mga ahensya.

**Para sa karagdagang impormasyon:**
**Tumawag sa**
**(800) 515 BABY (2229)**
https://www.dds.ca.gov/services/early start/state icc on early intervention overview